



Equal Justice Equal Pay Foundation
Pigmentstraat 51
1019 AN, Amsterdam

Tugon ng Equal Justice Equal Pay Foundation ("Foundation") sa "Answers to Parliamentary Questions Regarding the Parliamentary Letter 'Written Response to the Report "The Flag Register and the Country of Residence Principle: Economic and Strategic Value"' dated 28 September 2026 (Aanhangsel Handelingen II 2026, nr. 2026Z16887)"

Kinikilala ng Ministro ang agwat sa sahod sa mga barkong Dutch ngunit tumatangging akuin ang pananagutan

Nagtanong ang mga miyembro ng Dutch House of Representatives na sina Vellinga-Beemsterboer at Nijenhuis (parehong D66) kay Minister Karremans ng Infrastructure at Water Management tungkol sa gawi ng mga barkong Dutch na pagbabayad nang mas mababa sa kalahati ng sahod bawat oras sa mga Pilipino at Indonesian na seafarer kumpara sa kasamahan nilang Europeo. Nangyayari ito dahil sa tinatawag na "country of residence principle."

Pero ang tinatawag na "country of residence principle" ay hindi pangkalahatang legal na prinsipyo. Dapat bayaran ang trabaho batay sa halaga ng trabahong isinagawa, anuman ang mga kwalipikasyon ng indibidwal.

Hiniling ng mga miyembro sa ministro na tumugon sa dalawang ulat na inihanda hinggil sa (hindi) pantay na pagpapasahpd sa mga Indonesian at Pilipinong seafarer. Magkaiba ang ipinapakita ng mga ito:

- Ayon sa ulat ng Ministry of Infrastructure and Water Management, 50 hanggang 70 porsyento ng mga Dutch shipping company ang maglilipat ng rehistro ng kanilang mga barko sa ibang bansa o ang tinatawag na flag out kung oobligahin silang magbayad ng pantay na sahod sa mga seafarer.
- Subalit, ayon naman sa ulat ng *SEO Economisch Onderzoek*, sa kahilingan ng Foundation, hanggang 20 porsyento lang ang magsasagawa ng nasabing *flag out*, at, higit pa rito, walang indikasyon na magiging malaki ang epekto nito sa ekonomiya, sapagkat maliit lamang ang impluwensiya ng bandila ng barko sa mga shore-based activities sa loob ng maritime cluster.

Sa kasamaang-palad, tinatanggi ng Ministro na kilalanin na masalimuot ang "country of residence principle." Ipinahayag niya na walang desisyon ng hukuman na nagsasaad na hindi ito pinahihintulutan. Gayunpaman, malinaw sa batas ng Netherlands at sa Konstitusyon ng Netherlands na ipinagbabawal ang diskriminasyon. Bukod pa rito, noong 2025, nagpasiya ang Netherlands Institute for Human Rights na ipinagbabawal ang ganitong pagkakaiba batay sa lahi at nasyonalidad. Naniniwala ang Ministro na ang usaping ito ay para lamang sa mga partido sa collective bargaining agreements, at hindi ang mismong Dutch State. Hindi ito sumasang-ayon ang Foundation, lalo na dahil taon-taon ay idinedeklara ng pamahalaang Dutch na may pangkalahatang bisa ang mga collective bargaining agreements na ito.

Nabigo rin ang Foundation dahil hindi man lamang tinalakay ng Ministro ang kapakanan ng mga seafarer.



Equal Justice Equal Pay Foundation

Pigmentstraat 51

1019 AN, Amsterdam

Hindi na humigit pa sa sinabi ng Ministro na nauunawaan niya kung bakit maaaring magdulot ng mga katanungan ang hindi sapat na pasahod sa ilang seafarer. Ayon sa kaniya, upang mabago ang sistema ng kompensasyon o pasahod, kinakailangan munang magkaroon ng talakayan sa pandaigdigang antas. Walang pagtutol ang Foundation sa mga konsultasyon sa antas ng Europa o pandaigdigang antas. Gayunpaman, hindi dapat magsilbing dahilan ang pandaigdigang konsultasyon upang patuloy na pahintulutan ang malinaw na pambansang usaping ito. Sapagkat ang usaping tinatalakay ay hindi pantay na pasahod ng mga kompanyang pandagat ng Dutch sa mga barkong Dutch na naglalayag sa ilalim ng bandilang Dutch.

Inatasan ng Ministro ang Dutch National Agency para sa Maritime Manufacturing Industry na magsagawa ng karagdagang pag-aaral tungkol sa mga epekto sa Netherlands kung aalisin na ang pagtatangi batay sa lahi at nasyonalidad. Nakasaad din na ipababatid sa House of Representatives ang mga resulta ng pag-aaral sa tagsibol ng 2027. Umaasa ang Foundation na sa pagkakataong iyon, higit na bibigyang-pansin ng Ministry of Infrastructure and Water Management ang natatanging kalagayan ng mga seafarer at magsasagawa ng mga hakbang upang tuluyang wakasan ang naturang ipinagbabawal na diskriminasyon.

Samantala, naghahanda ang Foundation na magsagawa ng karagdagang paghahabla.

Setyembre 30, 2026

Kees van Ast, Chair of the Equal Justice Equal Pay Foundation